## Patakaran sa Pangongolekta

Nais ng BJC Healthcare at ng aming mga miyembro na ospital na matulungan kang maintindihan ang proseso ng pagpapahayag ng pagkakautang at pangongolekta at ang mga maaaring mapagkukunan mo at ng iyong pamilya ng tulong.

Ang mga miyembro na ospital ng BJC ay magbibigay ng pangangalaga nang walang diskriminasyon para sa mga emergency na kondisyong medikal na hindi alintana ang kakayahan ng pasyente na magbayad. Kung ikaw ay may pagseseguro tulad ng Medicare, Medicaid, pagseseguro na galing sa gobyerno o iba pang pagseseguro sa kalusugan, ang mga miyembro na ospital ng BJC ang maglilista ng babayarin at ibibigay ito sa kompanya ng iyong pagseseguro pagkatapos ng paggamot sa iyo. Kung ikaw ay may pagseseguro at may mga katanungan tungkol sa saklaw nito o sa antas ng iyong mga benepisyo, mangyaring kontakin ang kompanya ng iyong pagseseguro.

### Araw ng Serbisyo

Bago pa man o sa araw ng serbisyo, maaaring hilingin sa iyo ang pagbayad ng tinatantyang pananagutan mo sa mga nasabing serbisyo. Kung ikaw ay may pagseseguro, ang tinatantyang pananagutan ay matitiyak ayon sa mga benepisyo ng iyong pagseseguro. Kung wala kang pagseseguro, ikaw ay hihingian ng deposito.

### Mga Pahayag ng Pagkakautang (Billing Statements)

Pagkatapos ng paggamot sa iyo, ang mga pahayag ng pagkakautang ay ipapadala sa iyo para sa anumang halaga na dapat mong bayaran. Ang buong kabayaran ay inaasahan sa loob ng 30 na araw mula sa pagkakatanggap ng pahayag ng pagkakautang. Kung kailangan mo ng tulong upang mabayaran ang iyong utang, at nais na makipag-ayos tungkol sa pamamaraan ng pagbayad, o nais na maibilang sa binibigyan ng pinansiyal na tulong, mahalaga na kami ay kontakin mo agad sa pamamagitan ng pagtawag sa numerong nakalista sa pahayag ng pagkakautang upang maiwasan na maipasa ang iyong account sa isang ahensya na tagakolekta. Bukod sa mga pahayag ng pagkakautang, maaari kang tawagan tungkol sa iyong account.

### Mga Katanungan o Pagtutol ukol sa Babayarin, or Kahilingan para sa Detalyadong Listahan ng Babayarin

Mangyaring kontakin kami sa numerong nakalista sa iyong pahayag ng pagkakautang kung nais mong magtanong o tumutol ukol sa iyong babayarin. Maaaring makahingi ng detalyadong listahan ng babayarin para sa mga serbisyong naibigay ng ospital.

### Kaayusan sa Pagbabayad

Kung hindi mo mababayaran ang iyong balanse nang buo, maaaring makipag-ayos sa pamamaraan ng pagbabayad sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa numerong nakalista sa pahayag ng pagkakautang. Ang mga kaayusan sa pagbabayad ay dapat nasang-ayunan ng ospital ayon sa mga alituntunin na nakasaad sa ibaba upang maiwasang maipasa ang inyong account sa isang ahensya na tagakolekta.

## Mga Alituntunin sa Kaayusan sa Pagbabayad

| Balanse ng Account | Pinakamahabang Panahon |
|---|---|
| Mababa sa $500 | 12 na buwan |
| $500 - $1,499 | 18 na buwan |
| $1,500 - $4,999 | 24 na buwan |
| $5,000 o higit pa | 36 na buwan |

**Mga Ahenysa na Tagakolekta**

Ang mga miyembro na ospital ng BJC ay gumagamit ng mga ahensya na tagakolekta upang tumulong sa pangongolekta ng mga di nabayarang balanse. Ang mga di nabayarang balanse, na hindi naiset-up sa nakalatag na plano ng pagbabayad, ay maaaring ipasa sa ahensya na tagakolekta pagkatapos mabigyan ang pasyente ng kahit na tatlong pahayag ng pagkakautang. Ang mga hindi nabayarang balanse kung saan natanggap na ang bumalik na mail ay maaaring ipasa sa isang ahensya na tagakolekta sa anumang punto sa proseso ng pangongolekta. Ang mga sulat ng pangongolekta ay ipapadala ng ahensya na tagakolekta sa responsableng partido. Bukod dito, maaari ring matawagan ukol sa mga natitirang balanse. Kung ang natitirang balanse ay ipinasa sa isang ahensya na tagakolekta at walang natatanggap na tugon sa loob nga 60 na araw mula nang ito ay maipasa sa ahensya, ang mga di nababayarang balanse ay maaaring iulat na sa mga kawanihan ng utang. Dapat mong malaman na maari kang masampahan ng kaso sa anumang di nababayarang utang o kombinasyon ng mga di nababayarang utang na umaabot sa $500 o higit pa.
Maaari kang mag-apply na mabilang sa nabibigyan ng pinansiyal na tulong kahit kailan sa proseso ng pangongolekta, hanggang sa 240 na araw mula ng matanggap ang unang pahayag ng pagkakautang.

**Pinansiyal na Tulong**

Maaari kang mag-apply na mabilang sa nabibigyan ng pinansiyal na tulong kahit kailan sa proseso ng pangongolekta, hanggang sa 240 na araw mula ng matanggap ang unang pahayag ng pagkakautang.

Maaari kang kumuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Patakaran sa Pagbigay ng Pinansiyal na Tulong ng BJC at mag-apply, o humingi ng nakasulat na abiso o komunikasyon (e-mail) sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa kinatawan ng Mga Serbisyong para sa Pasyente (Patient Services), o sa pamamagitan ng pagtawag sa **314-362-8400 o sa toll free 855-362-8400.** Ang mga form para sa impormasyon at pag-apply ay makukuha din sa **www.bjc.org**.

Huwag mag-atubiling magtanong tungkol sa Pinansyal na Pagtulong. Nandito kami para tumulong.